Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-27 NG ENERO, 1997 ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE.............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................ | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor........... | Kagawad |

DI-DUMALO:

W A L A

KAPASIYAHAN BLG. 009-T'97

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PANSAMANTALANG PAGSASARA NG TRAPIKO SA IKA-1 NG PEBRERO, NG TAONG ITO LAMANG ANG DAANG A. MABINI MULA SA PANULUKAN NG DAANG LOPEZ JAENA HANGGANG SA PANULUKAN NG DAANG A. KAMATOY AT MULA SA PANULUKAN NG DAANG A. ALFONSO AT PANULUKAN NG DAANG DEL PILAR HANGGANG SA DAANG A. MABINI NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni Very Rev. Ronaldo SN. Abrera, Dekano ng bayang ito, na pansamantalang maisara sa trapiko ang kahabaan ng Daang A. Mabini sa ika-1 ng Pebrero ng taong ito lamang upang bigyang-daan ang pagkilala, pagtatalaga at pagluluklok kay Rt. Rev. Eustaquio D. Coronado, D.D. bilang bagong Obispo Diyosesano ng Katedral ng Birheng Maria Maulawin ng petsang nabanggit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Celestino D. Pamatmat, Jeffrey A. Villaseñor at Bernardo E. Ison at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Pinagtitibay ang pansamantalang pagsasara ng trapiko sa ika-1 ng Pebrero, sa taong ito lamang, ang Daang A. Mabini mula sa panulukan ng Daang Lopez Jaena hanggang sa panulukan ng Daang A. Kamatoy at mula sa panulukan ng Daang A. Alfonso at panulukan ng Daang Del Pilar hanggang sa Daang A. Mabini.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pinuno ng Pulisya, Very Rev. Ronaldo Sn. Abrera at Kgg. Punong Barangay ng Barangay III, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Sandicho
JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:** NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan